Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION III
SCHOOLS DIVISION OF ANGELES CITY

DEPARTMENT OF EDUCATION
SCHOOLS DIVISION OF ANGELES CITY
RELEASED
OCT 06 2020
BY:

**Oktubre 2, 2020**

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**No. 236 s. 2020**

**IMPLEMENTASYON NG PROYEKTONG PAGBASA (Paunlarin Ang Galing ng Batang Angeleño SA PAGBASA)**

To: Kawaksing Tagapamanihala
Puno ng CID
Puno ng SGOD
Tagamasid Pansangay at Pampurok
Punongguro ng Pampublikong Paaralan

1. Bilang suporta sa implementasyon ng Programa ng K to 12 Basic Education at pagtugon sa Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs), ang Sangay ng Lunsod ng Angeles ay nagpapatuloy sa pag-iisip ng mga paraan upang maisakatuparan ang layuning magkaroon ng buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi.

2. Upang makaagapay sa mithiing ito, ang "Proyektong PAGBASA", isang inobasyon sa pagbasa ay nabuo sa Taong-Panuruan 2020-2021. Ang mga gawaing kabilang dito ay ang" Tayo nang Magbasa" at Lokalisadong Interbensiyon o Lunas upang ang mga mag-aaral ay makabasa ng may pag-unawa.

3. Layunin ng proyektong ito na :
   a. mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral;.
   b. maitaas ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral na hirap bumasa sa wikang Filipino;
   c. maipakita ang iba't ibang interbensiyon na makatutulong sa mga batang hirap bumasa;
   d. maikintal sa puso't isipan ng mga mag-aaral ang pagmamahal sa pagbasa; at
   e. maisapuso at maipakita ng mga mag-aaral ang *mga* gintong-aral tulad ng pagpapahalaga, pagkalinga, pagtutulungan at pagmamalasakitan .

4. Upang lalong mapalalim ang pagkaunawa sa proyektong ito , basahin ang mga gawain sa enclosure 1.

5. Ang oryentasyon sa mga pampaaralang tagapag-ugnay (koordineytor) sa Filipino ay gaganapin sa Oktubre 22, 2020 ng 2:00 ng hapon gamit ang Google Meet na may link na https://meet.google.com/wou-xruz-ygd

**Address:** Jesus Street, Pulungbulu, Angeles City
**Telephone No.** (045) 322-4101; **Email Add**: angeles.city@deped.gov.ph

6. Ang dagliang pagpapalaganap sa memorandum ay kinakailangan.

**MA. IRELYN P. TAMAYO PhD, CESE**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-in-Charge
Office of the Schools Division Superintendent

CN 2021-226

**Address:** Jesus Street, Pulungbulu, Angeles City
**Telephone No.** (045) 322-4101; **Email Add**: angeles.city@deped.gov.ph

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION III
SCHOOLS DIVISION OF ANGELES CITY

**Enclosure 1 to DM no. ________, s 2020**

# PROYEKTONG PAGBASA (Paunlarin Ang Galing ng Batang Angelño SA PAGBASA), Isang *Inobasyon sa* Pagbasa

## I. INTRODUKSIYON/RASYUNAL

Bilang suporta sa implementasyon ng Programa ng K to 12 Basic Education at pagtugon sa Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs), ang Sangay ng Lunsod ng Angeles ay nagpapatuloy sa pag-iisip ng mga paraan upang maisakatuparan ang layuning magkaroon ng buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi.

Ayon *sa I2-point Programa* ng Kagawaran ng Edukasyon, isa sa pinakamahalagang layunin nito ay makabuo ng isang batang Filipino na malaya at matagumpay na nagbabasa. Ang isang bata ay masasabing malayang nagbabasa kung nauunawaan nito ang kanyang binabasa.

Batay sa resulta ng ginawang Phil-IRI Post Test o Pangwakas na Pagtataya marami pa ring mga mag-aaral mula unang baitang hanggang ikatlong baitang ang di- nakababasa at nasa pagkabigong antas ng pagbasa sa Filipino. Batid nating lahat na kapag di nakababasa o di nauunawaan ng mag-aaral ang kanyang binabasa, mahihirapan din siyang unawain ang iba pang mga aralin sa iba't ibang asignatura.

Ang isang mag-aaral na palabasa ay mas may malaking posibilidad na maipasa niya ang mga pagsusulit na ibibigay ng guro kumpara sa isang hindi palabasa sapagkat sa kanyang pagbabasa mas nadaragdagan ang kanyang kaalaman, lumalawak ang talasalitaan at mga karanasan. Mas nahahasa ang kaisipan ng mag-aaral na palabasa na umunawa nang mas malalalim na ideya, mga argumentong pangangatwiran at nababatid ang implikasyon ng kanyang binabasa. Sa ganitong paraan, masasabing ang pagbasa ay isang mahalagang kasanayan sapagkat nasasangkot dito ang iba pang mga kasanayan.

Ang pagbasa ay isa sa mga kasanayang pangwika na tulay ng mga mag-aaral upang mapahusay at malinang ang kasanayan sa mabisang pag-unawa sa teksto. Ito ay may malaking kaugnayan sa iba pang makrong kasanayang pakikinig, pagsasalita, pagsulat, at panonood ng isang tao dahil nagkakaroon ng kakayahang makabuo ng mga kaisipan at makapagpahayag ng damdamin at maayos na makipagkomunikasyon sa lahat ng disiplina o larang. Ang mga kaisipang nakukuha at nabubuo sa pamamagitan ng pagbasa, pakikinig, pagsasalita at panonood ay maaaring sulatin upang maibahagi sa iba.

Layunin ng proyektong ito na :

a. mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral;

b. maitaas ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral na hirap bumasa sa wikang Filipino;
c. maipakita ang iba't ibang interbensiyon na makatutulong sa mga batang hirap bumasa;
d. maikintal sa puso't isipan ng mga mag-aaral ang pagmamahal sa pagbasa; at
e. maisapuso at maipakita ng mga mag-aaral ang *mga* gintong-aral tulad ng pagpapahalaga, pagkalinga, pagtutulungan at pagmamalasakitan

## II. PAGLALARAWAN NG PROYEKTO

Ang Proyektong PAGBASA ( Paunlarin Ang Galing ng Batang Angeleño SA PAGBASA) ay nabuo dahil sa nakababahalang bilang ng mga mag-aaral na nahihirapang bumasa mula Unang Baitang hanggang Baitang Tatlo at bilang tugon na rin sa Memorandum bilang 173 series 2019 ng Kagawaran ng Edukasyon na may pamagat na Hamon: Bawat Bata Bumabasa ( 3Bs)

Inaasahan din na ang bawat isa ay makikilahok sa paggawa ng isang pangkalahatang Programa sa Pagbasa batay sa kalagayan at lebel ng mga mag-aaral at mga epektibong interbensyon sa pagtuturo ng pagbasa.

Pamamaraan:

- Bawat klase mula una hanggang ikatlong baitang ay maglalaan ng tatlumpung minute ( 5 minuto sa pagbabasa ng kuwento at 25 minuto gawaing panlunas para sa mga kasanayangg nahihirapan ang mag-aaral) araw-araw bago magpasimula sa aralin at ito ay tatawaging " Tayo nang Magbasa."
- Gagawing basehan ang nakaraang resulta ng Oral Reading Verification (ORV ) at Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) Post Test o Pangwakas na Pagtataya sa mga lokalisado at kontekstuwalisadong gawain o interbensiyon na ibibigay upang ang mga mag-aaral ay makapagbasa ng may pag-unawa.
- Ang mga magulang/guardian o sinomang may kakayahan na magturo sa mag-aaral ay inasahang:
  a. tuturuan ang mag-aaral sa unang baitang ng Panimulang Pagbasa gamit ang Marungko Approach;
  b. maaari ring gamitin ang mga kuwento/talata/teksto na nasa Phil-IRI package gamit ang offline o modular Distance Learning modality para mga mag-aaral sa ikalawa at ikatlong baitang;
  c. inaasahang isasaalang-alang ang 6 na Elemento ng Pagbasa na nakahayag sa DM 173, s 2019 , Hamon: Bawat Bata Bumabasa (3Bs) sa paghahanda ng mga gawain.
    - Wikang Pasalita( Oral Language)
    - Kamalayang Ponolohikal(Phonological Awareness)
    - Palabigkasan ( phonics)
    - Talasalitaan (vocabulary)

- Tatas (fluency)
- Pag-unawa (Comprehension)

d. malaki rin ang maitutulong ng mga videos na nasa ELLN Digital courseware na maaring maibahagi ng mga guro sa mga magulang;

e. inaasahang magdaraos ng LAC sesiyon ang mga guro at palagiang pakikipag-ugnayan sa mga magulang patungkol sap ag-unlad ng mga mag-aral sa pagbasa.

## III. AKSYON PLAN

| LAYUNIN | ISTRATEHIYA/GAWAIN | TAONG KASANGKOT | TARGET | PANAHON NG PAGSASAGAWA | INDIKASYON NG TAGUMPAY |
|---|---|---|---|---|---|
| a. Matulungan ang mga guro kung paano ang magturo ng pagbasa lalo sa mga hirap bumasa . | 1.Pansangay na oryentasyon sa mga pampaaralang tagapag-ugnay | EPS<br>Dist Coor<br>Mga Guro | Matiyak na nasanay ang mga guro ng unang baiting hanggang ikatlong baitang | Setyembre 29-30,2020 | Mga gurong may kakayahang magturo ng pagbasa |
| b. Maturuan ang mga magulang kung paano ang magturo ng pagbasa lalo sa mga hirap bumasa . | 2.Oryentasyon/Pagsa-sanay sa mga magulang sa Pagtuturo ng Panimulang Pagbasa gamit ang Marungko Approach. | Mga magulang/guardians<br>Mga guro<br>Punongguro<br>Reading Coor | Matiyak na nasanay ang mga magulang/guardians ng unang baitang hanggang ikatlong baitang | Oktubre 2020 | Mga magulang/guardians na may kakayahang magturo ng pagbasa |
| c. Maipakita ang iba't ibang interbensiyon na makatutulong sa | 3.Pagsasagawa ng ELLN Digital sa bawat paaralan | Mga guro<br>Punongguro | Matiyak na nasanay ang mga guro sa pagsasagawa ng ELLN Digital | Oktubre 2020-May 2021 | Pagkakaroon ng mga epektibong lunas o interbensiyon para sa mga |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| mga batang hirap bumasa. | | Tagapag-ugnay sa Filipino | | | batang hirap bumasa |
| d. Maisagawa ang mga lokalisado at kontekstuwalisa-dong pamamaraan at Interbensiyon ng bawat paaralan na isinasaalang-alang ang 6 na Elemento ng Pagbasa<br><br>e. Masukat ang kahusayan o kahinaan sa mga kasanayan para sa una hanggang ikatlong baitang | Pagsasagawa ng Project PAGBASA<br><br>Pagbibigay ng pandayagnostikong pagsusulit sa mga mag-aaral | Guro sa Filipino, mag-aaral | Matiyak na ang bawat mag-aaral ay mabigyan | Oktubre 2020 | Natamo ang kalagayang pangkaalaman at naituro ang mga kasanayang dapat pagtuunan ng pansin |
| f. Mahubog ang kawilihan ng mga bata sa pagbasa ng kuwento.<br><br>g. Mahasa ang mga kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa.<br><br>h. Mabigyang lunas ang mga mag-aaral na may kahinaan sa : | Pagsasagawa ng " Tayo Nang Magbasa"a. Pagbasa ng mga kawili-wiling kuwento tuwing umaga sa loob ng 5 minuto<br><br>b. Pagbubuo ng gawaing panlunas o interbensiyon para sa mahihinang mag-aaral o magkaroon ng remedial instruction sa tuwing umaga sa loob ng 25 minuto | Punongguro<br><br>Guro<br><br>Magulang<br><br>Mag-aaral | Makapagbasa ng isang kuwento bawat araw<br><br>Makapagtatag ng gawaing panlunas o interbensiyon | Buong taon | Mga mag-aaral na may kawilihan sa pagbabasa ng iba't ibang kuwento.<br><br>Pagsasagawa/ Pagsasabuhay ng mga natutuhan sa tunay na buhay.<br><br>Lahat ng mga mag-aaral ay nakababasa |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| a. Wikang Pasalita<br>b. Kamalayang Ponolohikal<br>c. Palabigkasan<br>d. Talasalitaan<br>e. Tatas<br>f. Pag-unawa<br><br>i. Maitaas ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral na hirap bumasa sa wikang Filipino | | | Pagtuon sa ikagagaling at ikauunlad ng mag-aaral sa bawat baitang | | nang may pag-unawa |
| j. Matulungan ang mga guro kung paano gumawa ng lokalisado at kontekstuwalisado ng babasahin. | Pansangay na pagsasanay sa paggawa ng lokalisado at kontekstuwalisadong babasahin sa mga guro ( Developmental Reading Power 1-3) | Mga guro (Stage 1)<br><br>PDO II<br><br>EPS LRMDS at Filipino<br><br>Tagapa nayam | Matiyak na nasanay ang mga guro/manunulat ng unang baitang hanggang ikatlong baitang | Oktubre 2020 | Lokalisado at kontekstuwalis adong babasahin para sa una hanggang ikatlong baitang |
| k. Mamasid at mataya ang mga ginagawang gawaing panlunas o interbensiyon upang ang mga mag-aaral ay magkaroon ng pag-unlad sa pagbabasa | Pagmamasid at pagtataya | CID Chief<br><br>EPSs<br><br>PSDSs | Lahat ng paaralan ay mayroong lokalisadong gawaing panlunas o interbensiyon sa pagbasa | Oktubre 2020-July 2021 | Tala ng pag-unlad<br><br>Pagtaas ng lebel sa pagbasa |
| l. Maitala ang malaking pagbabago o pag-unlad | Pagsumite ng kabuuang ulat | CID Chief<br><br>EPSs<br><br>PSDSs | Pagsumite ng Tala | Bawat Markahan | Tala ng Pag-unlad |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | punong guro<br><br>Tagapag-ugnay<br><br>Mga guro | | | |

IV. KAKAILANGANING BADYET

| GAGASTUSIN | HALAGA | PANGGAGALINGAN |
|---|---|---|
| A. Pagsasanay sa mga guro | P 63, 108.00 | Pondo ng Division INSET |
| B. Pag-iimprenta ng mga babasahin at kagamitan na gagamitin sa gawaing panlunas o interbensiyon | Depende sa gagamitin ng bawat paaralan | School MOOE |

Inihanda:

ROCHELLA. C. DAVID
EPS I, Filipino